ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

BRIGADA PAGBASA: ISANG INTERBENSYON SA KAHIRAPANG MAGSALITA NG WIKANG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKA-10 BAITANG

Shieraline M. Supot[1], Rhea Mae C. Oñez[2], Chariza B. Pagal[3], Mecca Joy J. Abiado[4], Shane Sanchez[5], Jonever Paden[6], Archel M. Supot, MAEd[7]

[1]ORCID No. 0009-0004-8155-9179
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[2]ORCID No.0009-0000-9762-9152
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[3]ORCID No. 0009-0005-4058-9803
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[4]ORCID No. 0009-0008-5770-9637
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[5]ORCID No. 0009-0005-4359-865X
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[6]ORCID No. 0009-0001-4679-7233
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[7]ORCID No. 0009-0004-5824-7070
Teacher III, Pamacaun Integrated School, Pamacaun, Asuncion, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra18311
DOI No: 10.36713/epra18311

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang suriin ang antas ng kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Aksyong 4Ps (Pagsulat, Pagsuri at Pagbigay ng Pidbak). Kabilang din pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Brigada Pagbasa. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pre-experimental na disenyo. Ang mga respondente ay kinapalooban ng 32 na mga mag-aaral mula sa baitang 10 – seksyon Jacinto ng Asuncion National High School. Sa resulta ng pag-aaral, kahirapan sa pagsasalita bago ang ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.18, ibig sabihin madalas lamang itong naipapakita. Samantala, pagkatapos naman ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.53, ibig sabihin na laging na itong naipapakita. Ipinakita rin sa pag-aaral na ito na may makabuluhang pagkakaiba ang kahirapan sa pagsasalita bago at pagkatapos ng interbensyon dahil sa < .001 na p-value. Nangangahulugan lamang na may malaking papel na ginagampanan ang interbensyong brigada pagbasa sa pagpapaunlad sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

MGA SUSING SALITA*: bokabularyong Filipino, pre-experimental, kwantitatib*

INTRODUKSYON

Ang Brigada Pagbasa ay isang interbensyon na naglalayong mahasa ang kakayahang magsalita ng mga mag-aaral na may kakulangan sa aspektong ito ng kanilang edukasyon. Ito ay isang solusyon upang matugunan ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsalita ng wikang Filipino. Ang kahirapan sa pagsasalita ay maaaring magresulta sa mga hindi pagkakaunawaan at pagbawas ng kumpiyansa sa sarili. Ang mga limitasyon sa bokabularyo ay naghihigpit sa kasanayan ng mga mag-aaral na maghatid ng mga tiyak na kahulugan at ganap na makisali sa mga pag-uusap, na nakakaapekto sa pangkalahatang kasanayan sa wika. Bukod pa rito, ang takot na magkamali ay lumilikha ng isang sikolohikal na hadlang na humihinto sa kanila sa pagsasanay at pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan sa pagsasalita (Chan at Abdullah, 2019).

Sa Nepal, maraming estudyante ang nahihirapan sa pagsasalita ng matatas. Kabilang sa mga karaniwang problema ang kaba, takot na magkamali, limitadong bokabularyo, at kawalan ng tiwala. Ang kaba o nerbiyos ay madalas na nararanasan ng mga estudyante kapag sila ay kinakailangang magsalita sa harap ng kanilang mga kamag-aral o guro. Ang takot na magkamali ay nagdudulot ng pag-aalinlangan sa pagsasalita, lalo na kapag iniisip ng mga estudyante na sila ay huhusgahan o pagtatawanan dahil sa kanilang mga pagkakamali. Ang limitadong bokabularyo naman ay nagiging hadlang sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kanilang kakayahan na maipahayag nang maayos ang kanilang mga ideya at saloobin, na nagiging sanhi ng pagkaantala at pagkalito sa kanilang pagsasalita (Chand, 2021).

.

Sa Pilipinas, partikular na sa Saint Michael College, Caraga, isinagawa ang pananaliksik kasama ang 320 mga mag-aaral sa high school ay nagpapakita na kahirapan sa pagsasalita ang pangunahing isyu na kinaharap ng mga mag-aaral. Nahihirapan silang magpahayag ng kanilang sarili nang may kumpiyansa kagaya ng paghahayag ng opinyon o pananaw, paglutas ng mga alitan o pakikipag-ugnayan sa iba. Natuklasan din ng pag-aaral na sila ay mayroong kahirapan sa pagtukoy ng tamang paggamit ng bokabularyo sa pakikipagkomunikasyon (Bartilo et al., 2019).

Sa Division ng Davao Del Norte, partikular sa Asuncion National High School, ang kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino ay isang makabuluhang suliranin na kinakaharap ng mga guro sa Filipino. Marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya nang malinaw at epektibo. Ang kanilang kakulangan sa wastong bokabularyo sa Filipino ay nagiging hadlang sa maayos na komunikasyon, kung saan ang mga maling paggamit ng salita ay maaaring magdulot ng kalituhan at pagkawala ng kahulugan ng kanilang mensahe. Halimbawa, kapag hindi wasto ang bokabularyo na ginagamit ng mga estudyante, maaaring hindi nila maipahayag nang tama ang kanilang mga saloobin at opinyon, na nagreresulta sa hindi pagkakaunawaan. Ang ganitong mga pagkakamali ay nagiging balakid sa kanilang akademikong pag-unlad at sa kanilang kakayahan na makipag-ugnayan nang mahusay sa kanilang mga guro at kamag-aral.

Ang suliraning kinahaharap ng mag-aaral ay nararapat na mabigyang-pansin sa pamamagitan ng pananaliksik upang magbigyan agad ng solusyon. Ito ay mahalaga sapagkat sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kasanayan sa pagsasalita sa wikang Filipino, ang mga mag-aaral ay mas magiging epektibo hindi lamang sa mahusay na pagsasalita kundi magiging makabuluhan din sa kanilang pang-akademikong pag-unlad. Mahalaga ang pagbigay ng sapat at agarang interbensyon upang maiwasto ang hindi wastong kasanayan sa paggamit ng bokabularyo sa pamamagitan ng paghubog gamit ang makabagong aktibidad na tugma sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pananaliksik

Ang layunin ng pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang alamin ang bisa ng Brigada Pagbasa bilang interbensyon sa kahirapang magsalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang. Ang mga katanungan sa pananaliksik na magiging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Alamin ang antas ng kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino bago ipatutupad ang interbensyong Brigada Pagbasa.
   1.1 Pangkat Eksperimental
2. Alamin ang antas ng kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Brigada Pagbasa.
   2.1 Pangkat Eksperimental
3. Alamin ang makabuluhang pagkakaiba sa kahirapan sa pagsasalita sa wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Brigada Pagbasa.

Haypotesis

Ang null haypotesis na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan ay nagsasaad na walang tiyak na pagkakaiba sa kahirapan sa pagsasalita sa Wikang Filipino bago at pagkatapos ipatutupad ang interbensyong Brigada Pagbasa.

METODO

Disenyo

Ang pre-eksperimental na disenyo ay isang pinakasimpleng anyo ng disenyo ng pananaliksik na sumusunod sa mga batayang hakbang sa eksperimento. Hindi ito nagtataglay ng mga grupong paghahambingan, bagkos isang grupo lang ang nilalapatan ng tiyak na paggamot. Layunin nito ay upang matukoy ang interbensyon ng mananaliksik sa isang grupo ng mga tao upang malaman kung ang pagg-aaksaya ng oras at pundo para isagawa ang tunay na eksperimento ay makabuluhan.

Sa pag-aaral na ito, ang pre-experimental ay gagamitin bilang disenyo ng pananaliksik upang magsagawa ng aksyon na pananaliksik. Ang mananaliksik ay pipili ng isang seksyon na magiging respondente sa pag-aaral at ito ay ang ikasampung baitang ng Asuncion National High School. Ang seksyong natalaga ay kukuha ng pre-test na tatanggap ng treytment o interbensyon na pinamagatang Brigada Pagbasa sa loob ng isang buwan, pagkatapos ay kukuha ng post-test pagkatapos ng interbensyon.

Lokal ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa *Asuncion National High School*, isang sekundaryang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Cambanogoy, Asuncion, Davao del Norte. Sa paaralang ito, maraming mga mag-aaral ang nakaranas ng mga kahirapan sa pagsalita ng wikang Filipino. Mayroon ding nakilalang mga mag-aaral na may kahirapan sa pagsalita ng wikang Filipino lalo na sa mga mag-aaral sa baitang-10.

Populasyon at Sampol

Ang mga respondente ng pananaliksik para sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa seksyon Jacinto ng ikasampung baitang na may kabuong bilang na 32. Ang mga respondente ay binubuo ng isang seksyon lamang na kasalukuyang nakatala sa taong panuruan 2023-2024 sa Asuncion National High School.

Ang mga respondente ay pinili gamit ang purposive sampling na tumutukoy sa isang grupo ng mga teknik ng non-probability sampling kung saan ang mga yunit ay napili dahil mayroon silang mga katangian na kailangan sa sampol. Sa ibang salita,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ang mga yunit ay napili "nang sadya" sa purposive sampling. Tinatawag din itong judgmental sampling, ang pamamaraang ito ng sampol ay umaasa sa pagpapasya ng mananaliksik sa pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal, mga kaso, o mga pangyayari na maaaring magbigay ng pinakamahusay na impormasyon upang maabot ang mga layunin ng pag-aaral (Nikolopoulou, 2023).

.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang mga talatanungang mula sa pinagbatayang pag-aaral ni Balqisa at Masyhur (2024). Ang unang talatanungan ay sinuri ang mga kahirapan sa pagsasalita ng mga respondente sa baitang-10 batay sa mga sumusunod na indikeytor: linggwistikang aspekto at sikolohikal na aspekto. Ang mga talatanungang ginamit ay sumailalim muna sa masusing balidasyon mula sa panel ng mga eksperto.

Five-point Likert Scale ang ginamit bilang batayan upang malaman ang antas ng kahirapan sa pagsasalita. Sa sukatang ito ang mga respondente ay tumugon sa pamamagitan ng pagtsek o pagbilog ng mga numero. Dahil dito, ang mga respondente ay ginamit ang limang-puntong Likert scale (mula sa pinakamataas hanggang pinakamababa). Ang mga datos ay kinalkula batay sa bilang nito upang maitala ang inaasahang marka.

Paglikom ng Datos

Sinunod ng mananaliksik ang sumusunod na mga pamamaraan sa pangangalap ng datos upang makuha ang impormasyon na kailangan para sa pagsisiyasat.

Pagbubuo ng Talatanungan – Pre-test at Post-test na mga Talatanungan. Ang mananaliksik ay ginamit ang talatanungan mula sa pinagbabatayang pag-aaral ni (Balqisa at Masyhur (2024). Ang test questionnaire ay magiging kasangkapan sa pangangalap ng kwantitatibong datos tungkol sa kanilang antas ng kahirapan sa pagsasalita. Mayroong dalawang set ng test questionnaire na ipapatupad, ang pre-test at post-test na mga katanungan.

Balidasyon ng Talatanungan. Hihilingin ng mananaliksik ang balidasyon ng talatanungan mula sa mga eksperto na bihasa sa pagbuo ng talatanungan upang matiyak ang bisa at katumpakan nito.

Paghingi ng Pahintulot na Magsagawa ng Pag-aaral. Hihingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa punong guro ng paaralan na ipamahagi ang mga talatanungan (pre-test) sa mga respondente. Gayundin, hihilingin ng mananaliksik ang pahintulot upang ipatupad ang interbensyon sa nakilalang grupo ng klase.

Pamamahala ng Pre-test Assessment. Bago isagawa ang interbensyon, ipapatupad ng mananaliksik ang isang pre-test sa eksperimental na grupo. Layunin ng pre-test na ito na sukatin ang mga antas ng kahirapan sa pagsasalita bilang pagbatayan sa post-test.

Pagpapatupad ng Interbensyon sa Eksperimental na Grupo. Kasama sa yugtong ito ng pagpapatupad ang pagsasagawa ng Brigada Pagbasa na interbensyon sa eksperimental na grupo. Ipatutupad ng mga mananaliksik ang Brigada Pagbasa na interbensyon Biyernes sa asignaturang Filipino. Inaasahang magbibigay ito ng pagsasanay upang sundin ang mga hakbang na ito sa bawat isa. Regular na susubaybayan ang progreso ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsasalita gamit ang pre-test at post-test upang masukat ang pag-unlad nila. Magkakaroon ng regular na feedback sessions sa mga guro at boluntaryo upang malaman ang mga kalakasan at kahinaan ng programa. Magbibigay din ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang natutunan batay sa mga ginawang gawain, upang mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa pagsasalita ng wikang Filipino. Batay sa puna at resulta ng mga pagtatasa, gagawa ng mga kinakailangang pagbabago sa kurikulum, materyales, at mga aktibidad upang mapabuti ang programa. Sa pamamagitan ng sistematikong implementasyon ng Brigada Pagbasa, matutulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsasalita sa wikang Filipino, na magdudulot ng mas mahusay na pagkatuto at pagpapahalaga sa sariling wika at kultura.

Pamamahala ng Post-test Assessment. Pagkatapos ng isang buwan ng pagpapatupad sa eksperimental na grupo, isasagawa ang isang post-test upang masuri ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino. Susukatin ng pagsusulit na ito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita matapos ang interbensyon.

Tabulasyon at Ebalwasyon ng Datos. Ang nakuhang datos mula sa pre-test at post-test ay dadaan sa tabulasyon. Ang kumpletong katanungan ay kukunin ng mga mananaliksik at saka ililipat sa isang spreadsheet ng Microsoft Excel para sa pagtala ng datos. Bibigyan ng kompidensyal na pahintulot ang estadistiko upang gumawa ng mga kalkulasyon, lumikha ng mga talahanayan, at suriin ang datos na may pinakamalaking pag-iingat. Ang mga resulta ng tabulasyon mga natuklasan ay magbibigay gabay sa mga posibleng pagbabago o pagpapabuti sa mga estratehiya ng interbensyon upang lalo pang mapabuti ang mga pamamaraan ng pagtuturo

Istatistikal na Tritment ng Datos

Sa pagsuri, mean ang ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral partikular na sa pagsukat sa antas ng antas ng kahirapan sa pagsasalita bago at pagkatapos ng interbensyon. Samantala, T-test naman ang ginamit sa pagsuri sa makabuluhang pagkakaiba ng kahirapan sa pagsasalita bago at pagkatapos ng interbensyon.

MGA RESULTA

Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita sa wikang Filipino batay sa Linggwistikang Aspekto

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng kahirapan sa pagsasalita na indikeytor ng linggwistikang aspekto bago ipinatupad ang interbensyong brigada pagbasa na may kabuoang mean na 4.21 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahirapan sa pagsasalita ng Filipino. Samantala, ang kahirapan sa pagsasalita pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa ay may kabuoang mean na 4.55 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Talahanayan 1: Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita sa wikang Filipino batay sa Linggwistikang Aspekto

Problema sa Pagsasalita	Pre-Test	Deskripsyon	Post-Test	Deskripsyon
1. Natatakot akong magsalita sa Filipino dahil limitado lamang ang aking bokabularyo.	4.25	Mataas	4.44	Napakataas
2. Mahirap para sa akin na ipahayag ang aking mga ideya kapag nagsasalita.	4.25	Mataas	4.53	Napakataas
3. Madalas akong malito sa pagsasama at paggamit ng tamang bokabularyo sa pagsasalita.	4.56	Mataas	4.53	Napakataas
4. Bihira akong makasagot sa aking kausap kapag nagsasalita dahil mas mabilis silang magsalita.	4.00	Mataas	4.47	Napakataas
5. Nahihirapan akong ayusin ang mga salita upang makabuo ng mga pangungusap sa Filipino.	4.00	Mataas	5.00	Napakataas
6. Nagsasalita lang ako kapag sa tingin ko ay tama ang aking gramatika.	4.19	Mataas	4.53	Napakataas
7. Nakasanayan kong gumamit ng katutubong wika kapag nagsasalita upang maiwasan ang mga pagkakamali sa pag-unawa.	4.25	High	4.63	Napakataas
8. Nahihirapan akong tumugon sa mga nagsasalita na may iba't ibang aksento.	4.19	Mataas	4.63	Napakataas
9. Nahihirapan akong tumugon sa isang pag-uusap kung hindi ko maintindihan ang intonasyon ng nagsasalita.	4.09	Mataas	4.63	Napakataas
10. Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako marunong sa pagbigkas.	4.28	Napakataas	4.59	Napakataas
KABUOAN	**4.21**	**Mataas**	**4.55**	**Napakataas**

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon, ang pahayag sa Aytem 3 – Madalas akong malito sa pagsasama at paggamit ng tamang bokabularyo sa pagsasalita ang nakakuha ng pinakamataas mean na 4.56 na may nakapataas na katumbas na paglalarawan. Sumunod naman ang Aytem 10 – Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako marunong sa pagbigkas na may nakapataas din na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, lagi itong naipapakita ng mga respondente. Habang ang pahayag sa Aytem 1 – Natatakot akong magsalita sa Filipino dahil limitado lamang ang aking bokabularyo na may mean na 4.25, ang Aytem 2 – Mahirap para sa akin na ipahayag ang aking mga ideya kapag nagsasalita na may mean na 4.25, at ang Aytem 7 – Nakasanayan kong gumamit ng katutubong wika kapag nagsasalita upang maiwasan ang mga pagkakamali sa pag-unawa. Ang tatlong Aytem ay may parehong mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente. Sumunod naman ang Aytem 6 - Nagsasalita lang ako kapag sa tingin ko ay tama ang aking gramatika at Aytem 8 - Nahihirapan akong tumugon sa mga nagsasalita na may iba't ibang aksento na may parehong mean na 4.19 na may mataas na katumbas ng paglalarawan. Sumunod ang Aytem 9 - Nahihirapan akong tumugon sa isang pag-uusap kung hindi ko maintindihan ang intonasyon ng nagsasalita na may mean na 4.09 na may mataas rin na katumbas ng paglalarawan. Sumunod ang Aytem 4 - Bihira akong makasagot sa aking kausap kapag nagsasalita dahil mas mabilis silang magsalita at Aytem 5 - Nahihirapan akong ayusin ang mga salita upang makabuo ng mga pangungusap sa Filipino na parehong nakakuha ng mean na 4.0 na may mataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente.

Samantala, pagkatapos ipinatupad ang interbensyon, ang pahayag sa Aytem 5- Nahihirapan akong ayusin ang mga salita upang makabuo ng mga pangungusap sa Filipino ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 5.0 na may napakataas na paglalarawan. Sumunod naman ang Aytem 7- Nakasanayan kong gumamit ng katutubong wika kapag nagsasalita upang maiwasan ang mga pagkakamali sa pag-unawa, ang Aytem 8- Nahihirapan akong tumugon sa mga nagsasalita na may iba't ibang aksento, at ang Aytem 9- Nahihirapan akong tumugon sa isang pag-uusap kung hindi ko maintindihan ang intonasyon ng nagsasalita ay parehong nakakuha ng mean na 4.63 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay parehong laging naipapakita ng mga respondente.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Samantala, sumunod dito ang Aytem 10- Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako marunong sa pagbigkas na may mean na 4.59 at may napakataas din na katumbas ng paglalarawan. Sumunod ang Aytem 2- Mahirap para sa akin na ipahayag ang aking mga ideya kapag nagsasalita ang Aytem 3- Madalas akong malito sa pagsasama at paggamit ng tamang bokabularyo sa pagsasalita at ang Aytem 6- Nagsasalita lang ako kapag sa tingin ko ay tama ang aking gramatika ay parehong nakakuha ng mean na 4.53 na may napakataas na katumbas ng pag-aaral. Sumunod dito ang Aytem 4- Bihira akong makasagot sa aking kausap kapag nagsasalita dahil mas mabilis silang magsalita na may mean na 4.47 na may napakataas din na katumbas ng paglalarawan. Sumunod nito ay ang Aytem 1- Natatakot akong magsalita sa Filipino dahil limitado lamang ang aking bokabularyo na may mean na 4.44 at may mataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay parehong laging naipapakita ng mga respondente.

Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita sa wikang Filipino batay sa Sikolohikal na Aspekto

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng kahirapan sa pagsasalita na indikeytor ng sikolohikal na aspekto bago ipinatupad ang interbensyong brigada pagbasa na may kabuoang mean na 4.15 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahirapan sa pagsasalita ng Filipino. Samantala, ang kahirapan naman sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa ay may kabuoang mean na 4.51 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon, ang pahayag sa Aytem 8- Hindi ko maunawaan kung ano ang sinasabi ng aking kapares kaya nananahimik na lamang ako na may mean na 4.41 at ang Aytem 4- Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako matatas sa pagsasalita ng wikang ito na may mean na 4.34 at parehong nakakuha ng napakataas na katumbas ng paglalarawan.

Sumunod ang Aytem 5- Kinakabahan ako kapag magsalita ng wikang Filipino sa harap ng maraming tao at ang Aytem 7- Ayoko magsalita ng Ingles dahil ako ay takot na baka hindi maintindihin ng aking kapares aking sinasabi na may parehong mean na 4.25 at may mataas na katumbas ng paglalarawan. Sumunod ang Aytem 1- Takot akong magkamali sa pagsasalita dahil takot akong mapuna ang aking kamalian na may mean na 4.19, ang Aytem 3- Kapag nagsimula na akong magsalita ng Filipino, bigla akong nabablangko at nakakalimutan ko lahat na may mean na 4.16, ang Aytem 10- Nagsasalita ako ng Filipino dahil lang sa ito ang gusto ng aking guro na gawin ito,na may mean na 4.0, sumunod ang Aytem 9- Mas pipiliin kung magtrabaho mag-isa kaysa magtrabaho kasama sa isang grupo na pipilitin akong magsalita ng Filipino na may mean na 3.97, at ang Aytem 2- Wala akong mataas na kumpiyansa sa aking sarili sa pagsasalita ng Filipino dahil takot akong pagtawanan ng aking mga kaibigan na may mean na 3.81 na parehong nakakuha ng mataas na katumbas ng paglalarawan. Ito ay nangangahulugan na angkahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ay madalas lang na naipapakita.

Pagkatapos ng interbensyong Brigada Pagbasa, ang Aytem 3- Kapag nagsimula na akong magsalita ng Filipino, bigla akong nabablangko at nakakalimutan ko lahat at ang Aytem 10- Nagsasalita ako ng Filipino dahil lang sa ito ang gusto ng aking guro na gawin ito ay parehong nakakuha ng mean na 4.63 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Sumunod dito ang Aytem 8- Hindi ko maunawaan kung ano ang sinasabi ng aking kapares kaya nananahimik na lamang ako na may mean na 4.59 at ang Aytem 9- Mas pipiliin kung magtrabaho mag-isa kaysa magtrabaho kasama sa isang grupo na pipilitin akong magsalita ng Filipino at may mean na 4.59 ay kapwa nakakuha ng napakataas na katumbas ng paglalarawan. Sinundan ito ng Aytem 4- Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako matatas sa pagsasalita ng wikang ito na may mean na 4.56, ang Aytem 6- Nakararamdam ako ng pagkabalisa kapag nagsasalita ng Filipino at nagtatapos ng walang sinasabi na may mean na 4.53 at ang Aytem 7- Ayoko magsalita ng Ingles dahil ako ay takot na baka hindi maintindihin ng aking kapares aking sinasabi na may mean na 4.53, ang Aytem 5- Kinakabahan ako kapag magsalita ng wikang Filipino sa harap ng maraming tao na may mean na 4.47, sumunod ang Aytem 2- Wala akong mataas na kumpiyansa sa aking sarili sa pagsasalita ng Filipino dahil takot akong pagtawanan ng aking mga kaibigan na may mean na 3.81 ay parehong nakakuha ng napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, lagi itong naipapakita ng mga respondente. Samantala, ang Aytem 1- Takot akong magkamali sa pagsasalita dahil takot akong mapuna ang aking kamalian na may mean na 4.25 na may mataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, madalas itong naipapakita ng mga respondente

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 2: Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita sa wikang Filipino batay sa Sikolohikal na Aspekto

Sikolohikal na Aspekto	Pre-Test	Deskripsyon	Post-Test	Deskripsyon
Takot akong magkamali sa pagsasalita dahil takot akong mapuna ang aking kamalian.	4.19	Mataas	4.25	Mataas
Wala akong mataas na kumpiyansa sa aking sarili sa pagsasalita ng Filipino dahil takot akong pagtawanan ng aking mga kaibigan.	3.81	Mataas	4.31	Napakataas
Kapag nagsimula na akong magsalita ng Filipino, bigla akong nabablangko at nakakalimutan ko lahat.	4.16	Mataas	4.63	Napakataas
Nahihiya akong magsalita ng Filipino dahil hindi ako matatas sa pagsasalita ng wikang ito.	4.34	Napakataas	4.56	Napakataas
Kinakabahan ako kapag magsalita ng wikang Filipino sa harap ng maraming tao.	4.25	Mataas	4.47	Napakataas
Nakararamdam ako ng pagkabalisa kapag nagsasalita ng Filipino at nagtatapos ng walang sinasabi.	4.09	Mataas	4.53	Napakataas
Ayoko magsalita ng Ingles dahil ako ay takot na baka hindi maintindihin ng aking kapares aking sinasabi.	4.25	Mataas	4.53	Napakataas
Hindi ko maunawaan kung ano ang sinasabi ng aking kapares kaya nananahimik na lamang ako.	4.41	Napakataas	4.59	Napakataas
Mas pipiliin kung magtrabaho mag-isa kaysa magtrabaho kasama sa isang grupo na pipilitin akong magsalita ng Filipino.	3.97	Mataas	4.59	Napakataas
Nagsasalita ako ng Filipino dahil lang sa ito ang gusto ng aking guro na gawin ito.	4.00	Mataas	4.63	Napakataas
KABUOAN	**4.15**	**Mataas**	**4.51**	**Napakataas**

Buod ng Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita ng Wikang Filipino

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng kahirapan sa pagsasalita bago ipinatupad ang interbensyong brigada pagbasa na may kabuoang mean na 4.18 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Nangangahulugan lamang na madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Samantala, ang kahirapan naman sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyong Brigada Pagbasa ay may kabuoang mean na 4.53 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kagalingan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Samantala, ang kahirapan naman sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyong Brigada Pagbasa ay may kabuoang mean na 4.53 na may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga respondente ang kanilang kagalingan sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon,indikeytor na nakakuha ng pinakamataas na pangkalahatang mean ay ang linggwistikang aspekto na may mean na 4.21 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay madalas naipapakita ng mga respondente. Samantala, pagkatapos ipinatupad ang interbensyon, ang indikeytor naman na ito ay nakakuha ng mean na 4.55 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay laging naipapakita ng mga mag-aaral pagkatapos ang interbensyon.

Sa kabilang dako, bago ipinatupad ang interbensyon, ang indikeytor na sikolohikal na aspekto naman ang sumunod na nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.15 na may mataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, madalas lang naipapakita ng mga respondente ang kahirapan sa pagsasalita ng Filipino. At pagkatapos ipinatupad ang interbensyon, ang indikeytor na pagbasa muli ang sumunod na nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.51 na may napakataas na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin, ito ay laging naipapakita ng mga respondente

Talahanayan 13: Buod ng Antas ng Kahirapan sa Pagsasalita sa Wikang Filipino

Kahirapan sa Pagsasalita	Pre-Test	Deskripsyon	Post-Test	Deskripsyon
Linggwistikang Aspekto	4.21	Mataas	4.55	Napakataas
Sikolohikal na Aspekto	4.15	Mataas	4.51	Napakataas
KABUOAN	**4.18**	**Mataas**	**4.53**	**Napakataas**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahirapan sa Pagsasalita Bago at Pagkatapos ng Interbensyon

Batay sa pagsusuri ng estadistika, ang kahusayang panggramatika bago ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.10, at pagkatapos naman ng interbensyon ay may kabuoang mean na 4.49. Ang baryabol na ito ay may P-value na <.001 ibig sabihin, ang P-value ay mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan na nangangahulugang hindi tinanggap ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang panggramatika bago at pagkatapos ng interbensyong 4Ps. Sa madaling salita, may makabuluhang pagkakaiba ang kahusayang panggramatika ng ikasampung baitang bago at pagkatapos ng interbensyon.

Talahanayan 13: Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahirapan sa Pagsasalita Bago at Pagkatapos ng Interbensyon

Type of Test	N	df	Mean	SD	t-value	P-value	Decision $\alpha = 0.05$
Pre-Test	32	31	4.18	0.17	-9.384	**< .001**	**Significant**
Post-Test	32		4.53	0.10			

DISKUSYON

Antas ng kahirapang magsalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ng interbensyon

Ang pangkalahatang antas ng kahirapang magsalita ng wikang Filipino bago ang interbensyon mula sa lahat ng mga indikeytor nito: linggwistikang aspekto at sikolohikal na aspekto ay inilarawang mataas. Ibig sabihin, madalas naipapakita ng mga mag-aaral sa baitang sampu ang kahirapang magsalita ng wikang Filipino. Samantala, ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa ay inilalarawang napakataas. Ibig sabihin, lagi nang naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang kahusayang magsalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Sa pagsusuri ni Reyes at Lapid (2021) sa kahirapang magsalita, napatunayan nilang may matinding kaugnayan ito sa kakulangan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa baitang sampu. Binigyang-diin sa kanilang pag-aaral ang mga salik na nagdudulot ng suliranin, partikular na ang kawalan sa praktikal na paggamit ng wikang Filipino sa loob at labas ng paaralan. Layunin ng kanilang pananaliksik na maglaan ng linaw sa mga hamon na hinaharap ng mga mag-aaral at magbigay ng gabay sa paglikha ng mga solusyon upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsasalita. Ang kanilang mga natuklasan ay maaaring maging batayan para sa mga susunod na hakbang sa pagtugon sa mga isyu sa pagsasalita ng Filipino sa baitang sampu.

Higit pa rito, ayon sa pag-aaral ni Cruz (2019 ang kahirapang magsalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa baitang sampu ay isang kritikal na isyu na dapat bigyang-pansin. Sa kanyang pag-aaral, ipinakita niya ang malawak na saklaw ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Binigyang-diin din rito ang kahalagahan ng pagtukoy sa mga sanhi ng kahirapan sa pagsasalita at ang pangangailangan ng mga solusyon upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Ang kanyang pag-aaral ay nagbibigay ng malinaw na tuntunin para sa mga hakbang na dapat gawin upang tugunan ang hamong ito sa larangan ng edukasyon.

Batay sa resulta sa antas ng kahirapang magsalita batay sa linggwistikang aspekto bago ipinatupad ang interbensyong brigada pagbasa ay inilalarawang mataas. Nangangahulugan ito na ang kahirapan sa pagsasalita ng wikang Filipino ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Samantala, matapos ipatupad ang interbensyong brigada pagbasa, ang linggwistikang aspekto ay inilalarawan na napakataas. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Bukod pa rito, ayon sa pag-aaral ni Hernandez (2018) ipinakita niya ang mahalagang papel ng linggwistikang aspekto sa pagpapahayag ng kultura at identidad ng isang pangkat etniko. Ayon sa kanyang pananaliksik, ang paggamit ng wikang katutubo at ang pag-unawa sa kahulugan ng mga salita at konsepto nito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa kultura at paniniwala ng isang komunidad. Ipinapakita ng kanyang pag-aaral na ang Linggwistikang Aspekto ay hindi lamang tungkol sa komunikasyon kundi pati na rin sa pagpapatibay ng pagkakakilanlan ng isang grupo.

Gayunpaman, sa pag-aaral ni Cruz (2020) ipinakita ang kahirapan ng ilang mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino at ang epekto nito sa kanilang linggwistikang aspekto. Napansin sa pananaliksik na ang ilang mag-aaral ay may kakulangan sa kaalaman at kumpiyansa sa pagsasalita ng Filipino, na maaaring humantong sa pagkakaroon ng kakulangan sa kanilang kakayahan sa komunikasyon at akademikong tagumpay. Kaya't mahalaga ang pagpapatibay ng mga programa at estratehiya upang mapabuti ang linggwistikang aspekto ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay sa resulta sa antas ng kahirapang magsalita ng wikang Filipino batay sa sikolohikal na aspekto bago ipinatupad ang interbensyong brigada pagbasa ay inilalarawang mataas. Ibig sabihin, ito ay madalas na naipapakita ng mga mag-aaral. Samantala, ang kahusayan naman sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa ay may napakataas na katumbas ng paglalarawan. Ibig sabihin, laging naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang kahusayan sa pagsasalita ng wikang Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Makabuluhang Pagkakaiba ng Kahirapang Magsalita Bago at Pagkatapos ng Interbensyon

Ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba ng kahirapang magsalita bago at pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa (Linggwistikang aspekto at Sikolohikal na aspekto) ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang kahirapan sa pagsasalita at pagkatapos ng nasabing

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

interbensyon. Ito ay batay kung saan ang p-value ay hindi tinanggap ang haypotesis na nakasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang magsalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa. Ito ay nangangahulugan lamang na malaki ang papel ng interbensyong brigada pagbasa sa pagpapaunlad ng kahirapang magsalita ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School.

Sa pag-aaral ni Tanaka (2018), ipinakita kung paano nakatutulong ang interbensyon sa pagpapabuti ng kahirapang magsalita ng mga mag-aaral, partikular sa mga may mababang antas ng kahusayan noong simula. Layunin ng interbensyon na mapabuti ang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino sa mga mag-aaral na may mababang marka sa pre-test. Ginamit ng mananaliksik ang iba't ibang pagsasanay sa bokabularyo, talasalitaan, indibidwal na tulong, at mga aktibidad sa pangkat upang suportahan ang pag-unlad ng mga mag-aaral.

Matapos ang interbensyon, naitala ang malaking pagtaas sa antas ng kahusayang magsalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na bahagi ng pag-aaral. Ang mga resulta nito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga interbensyon sa pagtuturo para sa pagpapabuti ng kahusayang magsalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral, lalo na sa mga may mababang antas ng kahusayan. Ang nasabing pananaliksik ay nagbibigay-diin sa potensyal ng mga estratehiya at aktibidad na naglalayong mapalakas ang kasanayan sa wika, partikular sa Filipino, ng mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na suporta at gabay.

Sa pag-aaral ni Lopez (2018), ipinakita ang kahalagahan ng interbensyon sa pagpapabuti ng kahusayang magsalita ng mga mag-aaral. Isinagawa sa pananaliksik na ito ang pag-aaral ng epekto ng isang sistematikong programa ng interbensyon sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may mababang antas ng kahusayan noong pre-test. Ginamit ng mananaliksik ang mga pagsasanay na naglalayong palakasin ang pag-unawa sa mga konsepto, pagsasanay sa pagsasalita, at pagsusuri ng mga teksto upang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Matapos ang interbensyon, nakitaan ng mas mataas na pag-angat sa antas ng kahusayan sa pagsasalita ang mga mag-aaral na sumailalim sa programa kumpara sa mga hindi. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng epektibong papel ng interbensyon sa pagpapabuti ng kahusayang magsalita ng mga mag-aaral, partikular sa mga may mababang antas ng kahusayan. Ang nasabing pananaliksik ay nagbibigay-diin sa potensyal ng mga estratehiya at programa ng interbensyon upang mapalakas ang kakayahan sa pagsasalita ng wika ng mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na suporta sa kanilang pag-aaral.

Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School ay may mataas na antas ng kahirapang magsalita ng wikang Filipino bago ipinatupad ang interbensyon. Ibig sabihin, pinaboran ng mga respondente na ang kanilang kahirapang magsalita batay sa linggwistikang aspekto at sikolohikal na aspekto ay madalas lang nilang naipapakita sa klase sa Filipino.

Samantala, pagkatapos ng interbensyon, ang kahirapang magsalita ng wikang Filipino batay sa linggwistikang aspekto at sikolohikal na aspekto ay napakataas. Ibig sabihin, palagi nang naipapakita ng mga mag-aaral sa bawat klase sa Filipino ang kahusayan sa pagsasalita pagkatapos ng interbensyong brigada pagbasa.

Sa kabilang dako, ipinapakita ng pangkalahatang resulta na may makabuluhang pagkakaiba ang kahirapang magsalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ng interbensyon. Dahil ang null haypotesis ay hindi tinanggap, nangangahulugan lamang na ang p-value ng isang baryabol ay mas mababa sa antas ng kahalagan.

Dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagsiwalat may makabuluhang pagkakaiba ang kahirapang magsalita ng wikang Filipino bago at pagkatapos ng interbensyon sa mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Asuncion National High School. Kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipagpatuloy ng mga guro ang interbensyong brigada pagbasa (linggwistikang aspekto at sikolohikal na aspekto) upang mapaunlad pa ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Hindi lamang ito ipagpapatuloy sa ikasampung baitang kundi sa lahat na rin ng baitang sa maatas na paaralan ng Asuncion at maaari din itong gamitin ng iba pang paaralan upang matugunan din ang kanilang pangailang kaugnay rito.

TALASANGGUNIAN

1. *Calisang, c. P., & repollo, j. B. (2024). Lawak ng paggamit ng mga guro ng melc sa paglinang ng tatlong domeyn ng pagkatuto. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(4), 1705-1723.*
2. *Campbell, D. T., & Stanley, J. C. (1963). Experimental and Quasi-Experimental Designs for Research. Boston: Houghton Mifflin Company.*
3. *Chan, S. H., & Abdullah, A. N. (2019). Overcoming speaking difficulties: Strategies adopted by ESL learners at a Malaysian university.*
4. *Chand, G.B. (2021). Challenges Faced by Bachelor Level Students While Speaking English. Indonesian Journal of English Language Teaching and Applied Linguistics, 6(1), 45-60*
5. *Estrella, A. (2020). Exploring speaking difficulties among Filipino high schoolstudents: A phenomenological approach.*
6. *Dela Cruz, J. W. N. (2019). Plurilingualism as pedagogy for teaching post-secondary vocabulary.*
7. *De Guzman, L., & Santiago, J. (2021). Factors affecting Filipino language speaking proficiency among secondary students.*
8. *Gonzales, R., & Alarcon, E. (2023). Technological interventions for addressing Filipino speaking difficulties.*
9. *Hernández-Sánchez, B. R., Cardella, G. M., & Sánchez-García, J. C. (2020). Psychological factors that lessen the impact of covid-19 on the self-employment intention of business administration and economics' students from latin america. International Journal of Environmental Research and Public Health, 17(15), 5293.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

10. *Maia, B., & Santos, D. (2018). Language, emotion, and the emotions: The multidisciplinary and linguistic background. Language and Linguistics compass, 12(6), e12280.*
11. *Otheguy, R., García, O., & Reid, W. (2019). A translanguaging view of the linguistic system of bilinguals.Applied Linguistics Review, 10(4), 625-651.*
12. *Rivera, M. (2022). Enhancing oral proficiency in Filipino through task-based language teaching.*
13. *Santos, P. (2019). Challenges and strategies in teaching Filipino speaking skills to non-native learners.*